

Mga Partikular sa Ericsson na Ipinag-aatas sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho (Occupational Health and Safety) ng Supplier

Requirement Specification



Mga Nilalaman

1	Panimula	3
2	Mga Kahulugan.....	3
3	Sistema ng pamamahala ng OHS.....	4
4	Patakaran ng OHS.....	5
5	Legal na pagsunod ng OHS	5
6	Pamamahala at responsibilidad sa pagpapatakbo ng OHS	5
6.1	Mga pangkalahatang ipinag-aatas sa pamamahala ng OHS.....	5
6.2	Taong Namamahala sa Trabaho sa Site	6
6.2.1	Responsibilidad at awtoridad, PICW.....	6
6.2.2	Karanasan at kaalaman, PICW.....	7
7	Komunikasyon, kakayahan, at pagsasanay	7
7.1	Komunikasyon.....	7
7.2	Kakayahan at pagsasanay.....	7
8	Pamamahala ng panganib	8
9	Proyektong OHS Plan	8
10	Kontrol sa pagpapatakbo	9
10.1	Mga pamantayan sa pagpapatakbo.....	9
10.2	Mga Panuntunang Nakakapagligtas ng Buhay ng Ericsson	10
10.3	Kaligtasan ng kagamitan.....	10
10.4	Inspeksyon	11
10.5	Awtoridad sa Paghinto ng Trabaho.....	11
10.6	Pamamahala sa subcontractor.....	12
11	Paghahanda at pagtugon sa emergency	12
12	Pag-uulat at pag-iimbestiga sa insidente ng OHS	13
13	Programa sa pagsukat at pagpapahusay ng performance.....	13
13.1	Mga indicator sa lagging.....	13
13.2	Mga indicator sa leading	14
13.3	Programa sa pagpapahusay ng OHS	14
14	Mga pagkilos sa hindi pagsunod at pagwawasto	14
15	Baguhin ang impormasyon.....	15



1

Panimula

Sa Ericsson, nagmamalasakit kami sa lahat ng nagtatrabaho para sa amin at gusto naming matiyak na makakauwi nang ligtas at maayos araw-araw ang lahat. Nakatuon kami sa pagbibigay ng ligtas at malusog na kapaligiran sa trabaho, para sa lahat kabilang ang aming mga empleyado, empleyado ng supplier, at sinumang nagtatrabaho sa ngalan namin. Ang aming layunin ay Target Zero – walang pagkamatay at insidenteng nauugnay sa trabaho na kinabibilangan ng mga pinsala at karamdaman na nauugnay sa trabaho. Ang Target Zero ay isang kolektibong pangako sa pagitan ng Ericsson at ng aming mga supplier.

Tinukoy ng dokumentong ito ang mandatoryo at may bisa sa kontrata na mga ipinag-aatas ng Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho (Occupational Health and Safety) (mula dito ay tutukutin na ``OHS``) na ipinapatupad ng Ericsson sa mga supplier (mula dito ay tutukuyin na "Supplier") na nagsasagawa ng mga aktibidad na may mataas na panganib habang nagbibigay ng mga serbisyo sa Ericsson. Inirerekomenda ang mga ipinag-aatas na ito para sa lahat ng iba pang supplier.

Sa dokumentong ito, sinasaklaw ng mga terminong "Supplier" o "tauhan ng Supplier" ang lahat ng empleyado, contractor, subcontractor, ahente ng Supplier, at sinumang iba pang indibidwal sa ilalim ng impluwensya o kontrol ng Supplier. Ang Supplier ay may pananagutan sa pagtitiyak na ang lahat ng naturang indibidwal ay sumusunod sa mga ipinag-aatas na nakasaad sa dokumentong ito.

Posibleng tukuyin ng Ericsson ang hindi pagsunod sa mga ipinag-aatas na tinukoy sa dokumentong ito sa pamamagitan ng iba't ibang pagsusuri. Kasama sa mga pagsusuri na ito ang, ngunit hindi limitado sa, Pag-verify ng Empleyado ng Supplier, Pagsusuri sa Katuparan ng Kaligtasan ng Supplier, Malayuang Pagtitiyak sa Kaligtasan, at Pag-inspeksyon sa Site. Ang pagpasa sa mga pagsusuri na ito ay mandatoryo at ipinag-aatas para magsimula o magpatuloy sa pakikipagnegosyo sa Ericsson. Kung may anumang paglabag na matutukoy sa panahon ng alinman sa mga pagsusuring ito, sisimulan ang Pamamahala ng Resulta, at ibabatay ang mga resulta sa kalubhaan ng mga kakulangan.

2

Mga Kahulugan

Mga aktibidad na may mataas na panganib: aktibidad o trabaho na may mataas na posibilidad na magkaroon ng pinsala o karamdaman na posibleng magresulta sa pagkamatay o matinding pinsala sa manggagawa o apektadong tao kung hindi nagawa ang mga kinakailangang pag-iingat. Ang mga aktibidad na ito ay mga likas na mapanganib na gawain na nangangailangan ng matinding konsentrasyon, pagkaalerto, o kakayahan. Kasama sa mga aktibidad na ito ang:

- Pag-akyat at pagtatrabaho sa mataas na lugar kasama ang, ngunit hindi limitado sa:
 - a. Paggamit ng mga hagdan
 - b. Paggamit ng mga aerial lift



c. Pag-rig at manual o mekanikal na pagbubuhat ng mga materyales/equipment

- Pagmamaneho ng sasakyan
- Pagtatrabahong gumagamit ng kuryente
- Pagsasagawa ng konstruksyon at mga gawaing sibil
- Paggamit ng mga powered hand tool
- Potensyal na pagkakalantad sa radio frequency at mga electromagnetic field
- Paghawak ng mga kemikal
- Pagpasok sa isang saradong lugar

Malayuang Pagtiyak ng Kaligtasan: tumutukoy sa pang-araw-araw na sistematikong pag-verify ng isang paunang natukoy na hanay ng mga napiling pinag-aatas ng Ericsson OHS sa checklist na format gamit ang pamantayang tool ng Ericsson, na posibleng may kasamang iba pang karagdagang lokal na kinakailangan o kinakailangan ng customer kapag itinuturing na kinakailangan.

Insidente: isang hindi planadong kaganapan o pagkakalantad na nagresulta o may potensyal na magresulta sa pagkamatay, pinsala, karamdaman, o pinsala sa kagamitan/pag-aari. Nangyayari ito habang nasa trabaho ang apektadong tao, nagsasagawa ng aktibidad na nauugnay sa trabaho, o apektado ng aktibidad na nauugnay sa trabaho. (Kabilang dito ang kaganapang nangyayari habang nagko-commute papunta at pauwi sa trabaho.)

Near Miss: isang hindi planadong kaganapan na hindi nagresulta sa pagkamatay, pinsala, karamdaman, o pinsala sa kagamitan/pag-aari ngunit may potensyal na mangyari.

Pag-observerba ng Panganib/Pagtukoy ng Peligro: mga peligro o panganib na naobserverbahan gaya ng mga mapanganib na bagay, kaganapan, gawi, o kundisyong may potensyal na magdulot ng pinsala, karamdaman, o pinsala sa pag-aari.

3

Sistema ng pamamahala ng OHS

Ang Supplier ay dapat magkaroon ng Sistema ng Pamamahala ng OHS na sumusunod sa mga ipinag-aatas na nakatakda sa ISO 45001 o isang katulad na pamantayan (halimbawa, lokal na pamantayan ng OHS na karaniwang kinikilalang katumbas ng o malapit na nakaayon sa ISO 45001). Mas gusto ng Ericsson na magkaroon ng external na sertipikasyon ang Supplier, ngunit hindi ito mandatory.



4 Patakaran ng OHS

Ang Supplier ay dapat magkaroon ng sariling Patakaran sa OHS. Ang patakaran ay dapat na naaangkop sa uri at tindi ng mga panganib sa OHS ng Supplier at dapat mayroon itong pangako sa pag-iwas sa pinsala at karamdaman at sa patuloy na pagpapahusay.

5 Legal na pagsunod ng OHS

Ang Supplier ay dapat magkaroon ng proseso para tukuyin ang mga naaangkop na legal na kinakailangan, subaybayan ang mga legal na pagbabago, kumilos para matiyak ang pagsunod, at suriin ang legal na pagsunod.

Dapat kunin ng Supplier ang lahat ng kinakailangang permit, lisensya, at insurance ayon sa ipinag-aatas ng naaangkop na mga batas bago simulan ang anumang nauugnay na trabaho.

Sa kaso ng salungatan, ang lokal na batas at mga regulasyon ay dapat na maging priyoridad kaysa sa mga ipinag-aatas ng Ericsson. Gayunpaman, kung mas mahigpit ang mga ipinag-aatas ng Ericsson kaysa sa mga lokal na ipinag-aatas, mananaig ang mga ipinag-aatas ng Ericsson.

6 Pamamahala at responsibilidad sa pagpapatakbo ng OHS

6.1 Mga pangkalahatang ipinag-aatas sa pamamahala ng OHS

Sa sarili nitong gastos, dapat isagawa ng Supplier ang mga sumusunod:

- tiyakin na ang pamamahala ng OHS ay isinasama sa pangkalahatang proseso ng pamamahala ng Supplier;
- magtalaga ng isang senior na kinatawan bilang ang nag-iisang punto ng pakikipag-ugnayan na dapat na available para sa mga talakayan sa lahat ng usapin sa OHS;
- tiyakin na may nakatalagang kwalipikado at mahusay na tauhan ng OHS;
- malinaw na tukuyin at ipaalam ang mga tungkulin at responsibilidad para sa pamamahala ng OHS sa buong organisasyon ng Supplier;
- tiyaking nasusuri ang mga pangangailangan sa pagsasanay sa OHS ng mga tauhan ng Supplier, at naibigay ang naaangkop na antas ng pagsasanay;
- magtalaga ng mga sapat na resource para matugunan ang mga panganib sa OHS;
- Magbigay ng naaangkop na Personal Protective Equipment (PPE) sa mga tauhan ng Supplier nang walang bayad at tiyakin ang tamang pangangasiwa at pagsasanay upang magarantiya ang tamang paggamit ng PPE.;



- subaybayan at patuloy na paghusayin ang performance ng OHS sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga nauugnay na proseso at sukatan;
- makipagtulungan sa Ericsson sa mga kasunduan sa OHS at panatilihin ang mga kasunduang ito sa buong paghahatid ng mga serbisyo;
- dumalo sa mga pagpupulong ng pagsusuri sa pamamahala ng OHS at makipagtulungan sa anumang pagsusuri ayon sa kinakailangan ng Ericsson; at
- magbigay ng data ng OHS sa Ericsson, ayon sa hinihiling.

6.2 Taong Namamahala sa Trabaho sa Site

Dapat magtalaga ang Supplier ng isang Person in Charge of Work (PICW), para sa bawat field site o itinalagang lugar ng trabaho.

6.2.1 Responsibilidad at awtoridad, PICW

- Tiyaikin ang pangkalahatang kaligtasan sa site o itinalagang lugar ng trabaho.
- Tiyaikin ang pagsunod sa mga ipinag-aatas sa OHS ng Ericsson.
- Gawing ligtas ang mga lugar ng trabaho gamit ang mga karatula at barrier, habang pinapamahalaan ang mga pampublikong interface.
- Tiyaikin na sinanay, may kakayahan, at medikal na handa ang lahat ng tauhan ng Supplier sa site para sa kanilang mga gawain.
- Magsagawa ng mga induction at pagsusuri ng panganib.
- Magsagawa ng Tool-box Talk bago magsimula ng trabaho sa site.
- Tiyaikin na ang lahat ng bisita sa site ay nakatanggap ng impormasyon sa kaligtasan ng mga bisita.
- Siguraduhin na ang lahat ng equipment (kabilang ang PPE) na gagamitin sa site ay nasa maayos na kundisyon at napapangasiwaan ang wastong paggamit nito.
- Tiyaking available at kumpleto ang ipinag-aatas na dokumentasyon ng site ng OHS.
- Itigil ang mga aktibidad kung may matutukoy na malalaking panganib hanggang sa matiyak ang kaligtasan. Ipatupad ang Mga Panuntunang Nakakapagligtas ng Buhay, at gamitin ang Awtoridad sa Paghinto ng Trabaho.
- Tiyaikin ang kahandaan sa pagtugon sa emergency at mga pagsisikap sa pangunahing pagtugon sa emergency.
- Iulat kaagad ang mga insidente ayon sa tagubilin.



- Makipagtulungan sa mga inspeksyon ng Ericsson, halimbawa, Pagtiyak sa Malayuang Kaligtasan at Inspeksyon ng Site.

6.2.2 Karanasan at kaalaman, PICW

- Ang pagiging mahusay sa mga nauugnay na batas at regulasyon ng OHS, pati na rin ang mga partikular na ipinag-aatas at pamantayan mula sa Ericsson.
- Pag-unawa sa mga partikular na gawa, at ang nauugnay na mga peligro, panganib, at ipinag-aatas na hakbang sa pagkontrol.

7 Komunikasyon, kakayahan, at pagsasanay

7.1 Komunikasyon

Ang Supplier ay dapat magkaroon ng mekanismo para matiyak na ang mga tauhan ng Supplier ay may access sa mga naaangkop na antas ng impormasyon at payo ng eksperto sa kalusugan, kaligtasan, at well-being.

7.2 Kakayahan at pagsasanay

Ang Supplier ay dapat magkaroon ng mekanismo para matiyak na ang mga tauhan ng Supplier ay may kakayahan na gampanan ang kanilang mga nakatalagang gawain at may naaangkop na edukasyon, pagsasanay at karanasan.

Bilang minimum, dapat tiyakin ng Supplier na sinusunod ng tauhan ng Supplier ang mga ipinag-aatas sa ibaba:

- nakatanggap ang bawat tao ng nauugnay na inisyal na pagsasanay para sa mga gawaing itinalaga sa kanila na dapat gawin bago magsimula sa trabaho, at panahong refresher na pagsasanay para mapanatili ang kanilang kakayahan;
- ang pagsasanay ay dapat na naaangkop para sa layunin ng mga gawain, ibig sabihin, dapat itong maihatid sa naaangkop na wika at sa pamamagitan ng naaangkop na paraan para sa target na audience;
- ang mga aktibidad na may mataas na panganib ay dapat lang isagawa ng mga may pagsasanay at may kakayahan; at
- dapat panatilihin ang mga record ng pagsasanay.

Bilang karagdagan, dapat kumpletuhin ng mga empleyado ng Supplier ang mga mandatoryong kurso na ipinag-aatas ng Ericsson, gaya ng tinukoy sa webpage na [Mga Ipinag-aatas sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho ng Supplier - Ericsson](#). Ang mga kurso ay available sa Ericsson Virtual Learning Environment (VLE).

Responsibilidad din ng Supplier na tiyaking natutugunan ng lahat ng tauhan ang anumang karagdagang ipinag-aatas sa kakayahan ayon sa ipinag-aatas ng mga lokal



na batas, regulasyon, at anumang partikular na ipinag-aatas ng customer na nakabalangkas sa kontrata sa Ericsson.

Ang Supplier ay dapat magbigay ng mga record ng pagsasanay at mga sertipiko ng kakayahan ayon sa ipinag-aatas ng Ericsson.

8 Pamamahala ng panganib

Ang Supplier ay dapat magkaroon ng isang mekanismo para pamahalaan ang mga panganib na nauugnay sa saklaw ng trabaho nito na dapat, sa minimum ay:

- tukuyin ang anumang panganib na nauugnay sa saklaw ng trabaho nito at suriin ang mga nauugnay na panganib gamit ang pinakamahusay na kasanayan sa industriya para sa pagsasagawa ng Pagsusuri ng Panganib ng OHS;
- tukuyin at ipatupad ang mga hakbang para maalis o mabawasan ang mga panganib;
- ipaalam ang mga panganib at ipinag-aatas na hakbang sa pagkontrol sa sinumang tao na posibleng malantad; at
- patuloy na subaybayan at suriin ang pagiging epektibo ng mga hakbang na ito sa pagkontrol.

9 Proyektong OHS Plan

Ang Supplier ay dapat bumuo, magpanatili, at magpapatupad ng isang OHS Plan para sa bawat proyekto kung saan ang mga aktibidad na may mataas na panganib ay isasagawa para idetalye ang mga hakbang na itinalaga ng Supplier para tukuyin at pamahalaan ang mga panganib na nauugnay sa trabaho. Ang Supplier ay dapat magbigay ng kopya ng proyektong OHS plan sa Ericsson. Ang pag-apruba ng proyektong OHS Plan ng Ericsson ay isang paunang kinakailangan para masimulan ng Supplier ang mga aktibidad na may mataas na panganib sa proyekto.

Ang sumusunod ay isang listahan ng mga nilalaman na dapat isama sa planong iyon.

- saklaw ng trabaho na dapat isagawa;
- mga pangunahing contact, at responsibilidad para sa paghahatid ng OHS kabilang ang mga kwalipikasyon, kakayahan, at karanasan ng mga may partikular na responsibilidad para sa OHS;
- mga pagsusuri ng panganib at pagpapagaan sa antas ng proyekto at antas ng site;
- mga probisyon sa pagsasanay at kakayahan para sa tauhan ng Supplier;
- mga detalye ng pagsubaybay, pag-audit, inspeksyon, sertipikasyon, at mga proseso ng pag-uulat na itinalaga ng Supplier para matiyak na ang mga ipinag-



aatas na pamantayan ay nakakamit at magbigay ng data ng OHS nito sa Ericsson ayon sa napagkasunduan;

- mga detalye ng pag-uulat ng insidente at mga pamamaraan ng pagsisiyasat ng Supplier;
- mga detalye kung paano pipiliin at pamamahalaan ang mga subcontractor, kabilang ang komunikasyon ng mga pamantayan;
- mga detalye kung paano pipiliin, gagamitin, at kontrolin ang anumang sangkap, produkto, planta, at kagamitan na may mataas na panganib sa buong paghahatid ng mga gawa;
- mga detalye ng mga prosesong pang-emergency ng Mga Supplier;
- anumang iba pang kinakailangang detalye ng proseso ng Pamamahala sa pagitan ng Ericsson at Supplier; at
- mga nauugnay na ipinag-aatas ng mga naaangkop na Batas at plano sa pagsunod.

10 Kontrol sa pagpapatakbo

10.1 Mga pamantayan sa pagpapatakbo

Dapat matugunan o malampasan ng Supplier ang sumusunod na [Mga Pamantayang Pagpapatakbo ng OHS ng Ericsson](#) sa mga sumusunod na lugar, kapag naaangkop sa kanilang saklaw ng trabaho para sa Ericsson:

- Pag-akyat at pagtatrabaho sa matataas na lugar
- Kaligtasan sa pagmamaneho at sasakyan
- Pagtatrabahong gumagamit ng kuryente
- Paggamit ng kemikal
- Pagkakalantad sa mga radio frequency electromagnetic field
- Mano-manong pangangasiwa
- Pagtatrabaho nang mag-isa
- Pagpasok sa kulob ba lugar
- Pamamahala sa konstruksyon at mga sibil na trabaho
- Personal na Pamprotektang Kagamitan
- Pag-iwas sa sunog
- Ingay sa kapaligiran at trabaho

Dapat tukuyin ng Supplier ang Mga Pamantayang Pagpapatakbo ng OHS ng Ericsson na nalalapat bago ang pagsisimula ng napagkasunduang saklaw ng trabaho. Ang Mga Pamantayang Pagpapatakbo ng OHS ng Ericsson ay puwedeng baguhin ng Ericsson



anumang oras. Ang mga rebisyon sa EMga Pamantayang Pagpapatakbo ng OHS ng Ericsson ay magkakabisa mula sa petsa ng paglabas mga ito, nang hindi isinasaalang-alang kung inilabas ang mga ito bago o pagkatapos ng pagpirma ng kontrata, maliban na lang kung may ibang ginawang kasunduan sa pamamagitan ng pagsulat sa Ericsson. (Ipapaalam ni Ericsson ang anumang rebisyon sa Supplier.) Kung sakaling matukoy ng Supplier ang isang pagbabago sa Mga Pamantayang Pagpapatakbo ng OHS ng Ericsson na materyal na nakakaapekto sa kakayahan nitong ihatid ang naaangkop na saklaw ng trabaho, dapat talakayin at sang-ayunan ng Ericsson at Supplier ang pamamaraan, mga implikasyon, at timeline para sa pagpapatupad ng naturang pagbabago.

10.2 Mga Panuntunang Nakakapagligtas ng Buhay ng Ericsson

Dapat igalang at tiyakin ng Supplier ang pagsunod sa Mga Panuntunang Nakakapagligtas ng Buhay ng Ericsson na kinabibilangan ng:

- Pagmamaneho - huwag lumagpas sa mga limitasyon sa bilis, at huwag gumamit ng mga handheld na telepono o device habang nagmamaneho
- Pagbiyahe - palaging magsuot ng seat belt kapag nagmamaneho o kapag pasahero ka ng sasakyan
- Mga helmet - palaging magsuot ng helmet kapag nagmomotor o nagbibisikleta (Mahalagang paunawa: Hindi pinapayagan ang mga motorsiklo bilang alternatibo sa transportasyon o paghahatid ng equipment.)
- Mga alak at droga - huwag magtrabaho o magmaneho kapag nakainom ng alak o gamot, kasama na ang mga inireresetang gamot na posibleng nakakaapekto sa paggawa
- Personal protective equipment - palaging gumamit ng wastong PPE para sa iyong lugar ng trabaho
- Mga Drop Zone - huwag pumasok sa drop zone maliban kung awtorisado at nakasuot ka ng wastong PPE
- Pagtatrabaho sa mataas na lugar - palaging gumamit ng fall-arrest system at pagtuunan ng pansin ang kundisyon ng kapaligiran
- Elektrisidad - palaging i-verify ang energy isolation bago magtrabaho Kapag nagtratrabaho malapit sa kuryente, laging panatilihin ang ligtas na distansiya

Makikita ang mga detalye sa webpage [Mga pangunahing kaalaman sa kaligtasan - Mga video na nakakapagligtas ng buhay - Ericsson](#).

10.3 Kaligtasan ng kagamitan

Ang Supplier ay dapat magkaroon ng mekanismo para matiyak ang kaligtasan ng kagamitan, kabilang ang:



- anumang equipment (tulad ng, ngunit hindi limitado sa mga crane, mechanical lifting device, mga chain, mga lubid, pati na rin ang mga powered portable tool) ay naka-install, nasuri, na-test, napapanatili, at may sertipikasyon alinsunod sa mga rekomendasyon ng manufacturer, legal na ipinag-aatas, at pamantayan ng industriya, kung naaangkop;
- inaprubahan ang anumang pagbabago sa equipment ng isang aprubadong lupon ng sertipikasyon alinsunod sa mga rekomendasyon ng manufacturer;
- naaangkop ang lahat ng equipment para sa nilalayong paggamit ng mga ito, siniyasat / sinuri bago gamitin at gagamitin lang ng mga may kakayahang patakbuhan ang mga ito; at
- nakakuha at naipaalam sa mga end user ang naaangkop na impormasyon at mga tagubilin na may kaugnayan sa paggamit, pagpapanatili, pag-iimbak, at pagtatapon ng equipment.

10.4 Inspeksyon

Ang Supplier ay dapat magkaroon ng sarili nitong nakatalagang rehimen ng inspeksyon. Ang lahat ng aktibidad na may mataas na panganib ay napapailalim sa inspeksyon bago magsimula ang anumang trabaho at sa panahon ng trabaho, ayon sa naaangkop.

Ang Supplier ay dapat magtatag at magpapanatili ng mahusay na rehimen ng inspeksyon na nakaayon sa uri at mga panganib na nauugnay sa mga aktibidad na may mataas na panganib. Ang rehimen ng ito ng inspeksyon ay dapat may:

- Pagsusuri ng panganib sa kaligtasan sa site: isinasagawa araw-araw sa site bago magsimula ang mga aktibidad na may mataas na panganib. Kasama rin sa pagsusuri ang inspeksyon ng lahat ng equipment, kapaligiran ng trabaho, at pangkaligtasang hakbang.
- Mga inspeksyon sa site: regular na isinasagawa sa pagpapatupad ng mga aktibidad na may mataas na panganib para matiyak ang patuloy na pagsunod sa mga pamantayan sa kaligtasan. Ang dalas ng mga inspeksyon na ito ay dapat na proporsyonal sa antas ng panganib na nauugnay sa aktibidad. Ang mga inspeksyon sa lugar ay hindi dapat isagawa ng mga tauhang nagsasagawa ng mga aktibidad na may mataas na peligro sa site.

Dapat magplano ang Supplier ng iskedyul ng inspeksyon, kabilang ang dalas at pagitan ng mga inspeksyon. Ang iskedyul ay dapat nakabatay sa mga pinakamahuhusay na kagawian sa industriya, ang mga partikular na panganib na nauugnay sa trabaho, at mga legal na ipinag-aatas.

10.5 Awtoridad sa Paghinto ng Trabaho

Ang Supplier ay dapat magbigay ng kakayahan sa mga tauhan ng Supplier na gamitin ang Awtoridad sa Paghinto ng Trabaho, o kung hindi man ay makialam sa isang



sitwasyon sa trabaho kapag sila, sa mabuting loob, ay naniniwala na sila o ang iba ay nasa isang agarang panganib na dumanas ng pagkamatay, pinsala, o karamdaman. Hindi dapat gawin ng Supplier ang mga pandisiplinang pagkilos o iba pang pagganti (kabilang ang pananagutan o mga claim sa pinsala) laban sa tauhan, na sa mabuting loob, ay ginamit ang Awtoridad sa Paghinto ng Trabaho.

Makikita ang mga detalyadong kinakailangan mula sa Ericsson sa [Proseso ng Awtoridad sa Paghinto sa Trabaho para sa Mga Supplier](#).

10.6 Pamamahala sa subcontractor

Ang Supplier ay dapat magkaroon ng mahusay na mekanismo para pamahalaan ang mga subcontractor nito na kinabibilangan ng:

- mga sistema at proseso para sa pagsusuri sa kakayahan ng OHS ng mga subcontractor para matugunan ang Mga Pamantayan sa Pagpapatakbo ng OHS ng Ericsson;
- mga kasunduan sa kontrata na sumasalamín at nagpapatupad sa mga obligasyon ng Supplier sa mga subcontractor nito;
- kapag naaangkop, ang kontraktwal na pagsasama ng mga mekanismo ng pamamahala ng performance sa pagitan ng Supplier at ng mga subcontractor nito;
- mga paraan para makipag-ugnayan at masubaybayan ang pagsunod sa paghahatid ng mga subcontractor laban sa Patakaran at mga kinakailangan ng OHS ng Ericsson; at
- sistema para sa regular na pagsusuri ng performance ng OHS ng mga subcontractor nito.

Dapat ipagbawal ng Supplier ang karagdagang sub-contracting ng anumang mga aktibidad na may mataas na pangnib ng subcontractor nito nang walang hayagang pahintulot ng Ericsson. Sa kahilingan ng Ericsson, iuulat ng Supplier ang lahat ng party na nagsasagawa ng mga aktibidad na may mataas na pangib sa ngalan ng Supplier.

11 Paghahanda at pagtugon sa emergency

Dapat tukuyin at isadokumento ng Supplier ang mga potensyal na sitwasyong pang-emergency at kung paano tumugon sa mga ito. Dapat kasama sa dokumento ang kahit ang mga sumusunod na elemento:

- mga tungkulin at responsibilidad;
- mga pamamaraang pang-emergency (hal. mga hakbang na dapat gawin bago, habang, at pagkatapos ng mga emergency);
- mga pang-emergency na contact;



- planong pang-emergency na naglalaman ng mga ruta, labasan, at lugar ng assembly ng pag-evacuate;
- mga equipment na pang-emergency (hal. mga first aid kit, mga pamatay ng apoy) pati na rin ang mga lokasyon at tagubilin para sa paggamit ng mga ito; at
- mga regular na pag-update at kasunduan sa mga pagsusuri.

Ang mga planong pang-emergency ay dapat ipaalam sa mga kinauukulang empleyado at dapat itong isagawa at suriin nang pana-panahon.

12 **Pag-uulat at pag-iimbestiga sa insidente ng OHS**

Ang Supplier ay dapat magkaroon ng naaangkop na nakatakdang pamamaraan sa pag-uulat at pag-iimbestiga, kabilang ang isang proseso para sa mga pagwawastong pagkilos at pag-follow up ng mga insidente na magresulta sa mataas na potensyal o malubhang pinsala, karamdaman, at pagkamatay na nauugnay sa trabaho.

Dapat iulat ng Supplier ang mga insidente sa OHS kabilang ang mga pagkamatay, pinsala, karamdaman, near miss, at obserbasyon sa panganib, pati na rin ang mga kaso sa Awtoridad sa Paghinto sa Trabaho sa [Ericsson Global Incident Reporting Tool \(GIRT\)](#). Ang lahat ng pagkamatay, malaking pinsala, malubhang sakit, at near miss na puwedeng magresulta sa pagkamatay, malaking pinsala, o malubhang pinsala, o malubhang karamdamang may kaugnayan sa trabaho ay dapat iulat alinsunod sa lokal na ipinag-aatas mula sa Ericsson ngunit hindi dapat ito lumampas nang 24 na oras. Dapat patuloy na i-promote at humukin ng Supplier ang lahat ng tauhan ng Supplier na mag-ulat ng mga near miss at mga obserbasyon sa panganib.

Dapat makipagtulungan ang Supplier sa at suportahan ang Ericsson sa pag-iimbestiga ng lahat ng pangunahing insidente kabilang ang mga pagkamatay nang sumusunod sa mga takdang panahon na itinakda ng Ericsson. Ang lahat ng detalyeng nauugnay sa mga pangunahing insidente at pag-iimbestiga ng insidente ay dapat ibahagi sa Ericsson (at kinikilala ng Supplier na posibleng ibahagi ang mga ito sa Ericsson Group Companies at Mga Customer sa Ericsson).

13 **Programa sa pagsukat at pagpapahusay ng performance**

Dapat magtatag at magpatupad ang Supplier ng isang komprehensibong sistema ng pagsukat ng performance ng OHS na kinabibilangan ng mga indicator ng lagging at leading para masubaybayan at mapahusay ang performance ng kanilang OHS.

13.1 **Mga indicator sa lagging**

Dapat subaybayan at iulat ng Supplier ang historical na performance ng OHS, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:



- Mga istatistika sa mga insidente (kabilang ang mga near miss at obserbasyon ng panganib, pinsala, karamdamang nauugnay sa trabaho, at pagkamatay) sa loob ng huling tatlong (03) taon.
- Pagsusuri ng trend ng mga near miss, obserbasyon ng panganib, kasama ang, kapag naaangkop, mga hindi ligtas na pagkilos at hindi ligtas na kundisyon.

13.2 Mga indicator sa leading

Dapat ding susubaybayan ng Supplier ang mga aktibong pagsisikap sa kaligtasan, tulad ng:

- Mga programa sa pagsasanay sa OHS at ang porsyento ng mga empleyadong nakakakumpleto sa mga programang ito.
- Pakikilahok sa pamumuno sa mga aktibidad ng OHS (hal., mga paglalakad sa kaligtasan, pag-audit).
- Pagpapatupad ng mga kontrol sa kaligtasan at mga hakbang sa pag-iwas.
- Mga programa sa pagkilala para sa pag-uugali at mga tagumpay sa kaligtasan.
- Mga kaso ng Awtoridad sa Paghinto sa Trabaho.

13.3 Programa sa pagpapahusay ng OHS

Ang Supplier ay dapat magtakda ng mga target, layunin, at isang programa sa pagpapahusay para makamit ang mga target at layunin na ito gamit ang mga plano ng pagkilos. Ang mga target at layunin ay dapat na nasusukat at may malinaw na mga deadline. Dapat kasama sa programa ng pagpapahusay ang:

- isang pangako sa patuloy na pagpapahusay batay sa data ng performance;
- regular na pagsubaybay at pagsusuri ng mga layunin at target, na may ebidensya ng mga pagsasaayos na ginawa ayon sa kinakailangan para matugunan o malampasan ang mga layunin sa performance; at
- ebidensya ng kung paano tinitiyak ng Supplier na natutugunan ang mga layunin at target na ito, kabilang ang dalas ng mga pagsusuri at pagkilos na ginawa bilang tugon sa mga trend at limitasyon.

14 Mga pagkilos sa hindi pagsunod at pagwawasto

Sa tuwing may hindi pagsunod sa mga ipinag-aatas na tinukoy sa dokumento, pati na rin sa mga tinukoy na nauugnay na dokumento, dapat bumuo kaagad ang Supplier ng detalyadong plano ng pagkilos. Sa minimum, dapat kasama sa plano ang:

- mga tiyak na pagkilos para matugunan ang bawat bahagi ng hindi pagsunod;



- mga nakalaang resource at nakatalagang responsibilidad para ipatupad ang mga pagkilos sa pagwawasto; at
- takdang petsa para sa pagkumpleto ng mga pagkilos sa pagwawasto.

Ang plano ay dapat ibigay sa Ericsson alinsunod sa timeline na itinakda ng Ericsson. Puwedeng baguhin ng Ericsson ang plano.

15

Baguhin ang impormasyon

- Na-update na istraktura ng dokumento
- Pinalawak ang saklaw ng aplikasyon para isama ang lahat ng supplier na nagsasagawa ng mga aktibidad na may mataas na panganib habang nagbibigay ng mga serbisyo sa Ericsson
- Mga nagdagdag na kahulugan
- Mga tinukoy na ipinag-aatas
- Isinama ang Mga Panuntunan sa Pagsasagip ng Buhay at itinampok ang pagbabawal ng mga motorsiklo
- Isinama ang mga bagong ipinag-aatas (ibig sabihin, Awtoridad sa Paghinto sa Mga Trabaho, Malyuang Pagtitiyak sa Site, Inspeksyon sa Site, at Pagsusuri sa Katuparan ng Kaligtasan ng Supplier)
- Nakakonekta sa Pamamahala ng Resulta